




Kikoy Agukoy

Kuwento ni
Christy H. Lucas

Guhit ni
Alexander N. Gokotano





Kasanayan sa Pagkatuto

Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kwento sa tulong ng mga larawan (FIPN-III-8).



Treasury of Storybooks

.....

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Lucas, Christy H. *Kikoy Agukoy*. DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Christy H. Lucas

Illustrator: Alexander N. Gokotano

Learning Resource Managers: Ernie E. Agsaulio


Analiza C. Almazan

Davao Occidental
Region XI

Kikoy

Agukoy


Sa isang maliit na pulo nakatira ang pamilya ni Kikoy Agukoy. Siya ay bunso sa tatlong magkakapatid. Ipinanganak siyang kulang ng dalawang paa, dahilan na ikinahihiya at tinutukso siya ng kanyang mga kapatid at mga kaibigan.






Inaalagaan at minamahal si Kikoy ng kanyang nanay at tatay subalit, kinaiinisan at palagi siyang tinutukso ng kanyang ate at kuya. Ayaw nila itong isama sa pamamasyal at paglalaro.

Isang umaga, sa may bakuran
masayang nagkukwentuhan sina Kuya
Popoy at Ate Momay. Lumapit si Kikoy at
sinabing, “Kuya, Ate, sali ako sa inyo.”
“Hoy liit! umalis ka dito at bawal ang
pangit!” bulyaw ni Popoy.





“Bakit ka umiiyak bunso?” tanong ni Nanay. “Wala po ito inay, naipit kasi ako. Panginoon, patawad po dahil ako ay nagsinungaling, ayaw ko kasing mapagalitan sina Ate at Kuya,” bulong ni Kikoy sa sarili.

Kinaumagahan, maagang gumising si Kikoy. “Nanay ako na po ang magwawalis sa labas.” “Hindi anak, ang kuya at ate mo na lang ang gagawa,” sagot ng kanyang nanay. Lalong nagalit ang dalawa sa nakababatang kapatid.






Habang kumakain ang mag-anak, biglang nagsalita ang tatay. “Mga anak, aalis kami ni nanay, dadalawin namin ang lolo at lola ninyo sa kabilang pulo.” “Magpakabait kayo,” bilin naman ni Nanay. “Opo Inay,” sagot ng tatlo.

Sumunod namang umalis sina Popoy at Momay para maglaro kasama ang mga kaibigan. Biglang sumungit ang panahon ngunit patuloy pa rin sila sa paglalaro sa batuhan. Humampas ang malaking alon. "Aray! Naipit ako!" sigaw ni Popoy.



Pilit na hinatak ni Momay si Popoy ngunit hindi niya ito kinaya. "Saklolo! Tulungan ninyo kami!" Sigaw ni Momay. Sa halip na tumulong, mabilis na nagsialisan ang kanilang mga kalaro dahil sa takot.







Sa bahay, hindi mapakali si Kikoy kaya naisip niyang hanapin ang mga kapatid kahit kasagsagan ng ulan. Sa di kalayuan, may narinig siyang sumisigaw. Agad niya itong nilapitan at nakita ang sinapit ni Popoy.

“Bakit ka pumunta dito? Nag-aaksaya ka lang ng oras, wala ka namang magagawa dahil pilay ka!” sigaw ni Momay. “Hindi ate, kakayanin ko dahil mahal ko kayo!” tugon ni Kikoy.




Buong lakas na hinawi ni Kikoy ang mga batong umipit kay Popoy hanggang sa makakawala ito.





“Patawad Kikoy, napakabait mo talaga. Sa kabila ng aming kasamaan, sinuklian mo kami ng kabutihan,” umiiyak na sabi ni Popoy.

Nagyakapan silang tatlo at masayang nag-akbayan pauwi ng kanilang bahay. “Simula ngayon, magkakampi na tayo,” ani Momay. Kinagabihan, nagdasal muna si Kikoy bago natulog. “Mahal na Panginoon, salamat at natupad na ang pangarap ko na matanggap at mahalin ang isang pilay na tulad ko.”





Kinaumagahan, maganda na ang panahon. Masayang sinalubong ng tatlo ang nanay at tatay. Nagtulungan silang tatlo para buhatin ang dalang pasalubong mula sa lolo at lola. Nasiyahan sina nanay at tatay dahil magkasundo na ang magkakapatid.



Tungkol sa May-akda



Si Christy H. Lucas ay ipinanganak noong ika-25 ng Enero taong 1979 sa barangay Lipol, Sarangani, Davao del Sur. Siya ay nakapagtapos sa kursong Bachelor of Elementary Education sa Cor Jesu College of Digos. Kasalukuyang nagtuturo sa Mababang Paaralan ng Pulabato at nagtuturo sa Ikalimang Baitang. Ang kanyang mga kuwento ay inspiradong kanyang sinulat para sa kanyang mga mahal sa buhay at dalawang anak na babae.

Tungkol sa Tagaguhit



Isang guro si Alexander N. Gokotano at kasalukuyang nagtuturo sa Paaralang Sentral ng Talomo, Davao City. Siya ay nakapagtapos sa kursong Bachelor of Elementary Education sa University of Mindanao.



Kikoy Agukoy

Ang kapansanan ay hindi sagabal sa pagtulong sa kapwa. Si Kikoy Agukoy ay ipinanganak na may kapansanan. Siya ay isang mapagmahal na anak at mabait na kapatid.

Hindi alintana ang pangungutya at pang-aaway ng kanyang ate at kuya. Sa kwentong ito, malalaman natin kung paano ipinakita ni Kikoy ang kanyang kakayahan at pangarap sa buhay.